

## ACTIVITY

A. Hanapin ang mga salita sa word puzzle. Bilugan o i-highlight ito.

|   |   |   |   |   |   |   |   |   |   |   |   |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | E | O | S | U | M | A | M | B | A | I | K |
| R | Y | H | N | A | B | D | I | K | L | P | O |
| L | K | F | E | S | O | V | Z | D | G | I | B |
| P | A | N | G | G | A | T | O | N | G | N | U |
| A | K | M | U | O | D | W | A | N | B | A | S |
| N | O | N | E | D | A | P | W | L | G | G | G |
| G | P | D | O | N | U | M | U | S | T | K | A |
| A | L | A | P | A | P | G | A | P | S | A | P |
| K | A | N | G | H | E | L | F | L | A | I | R |
| O | G | I | T | Y | B | O | I | C | E | T | L |

pagsubok  
handog  
pangkatong

asno  
sumamba  
altar

ipinagkait  
sumunod  
anghel

pangako  
pagpapala

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang sinabi ng Diyos kay Abraham na gawin niya sa kanyang nag-iisang anak na si Isaac?

---

2. Ano ang nangyari nang sasasaksakin na ni Abraham si Isaac?

---

3. Kung si Isaac ang ipinagnakong anak at tagapagmana ng Diyos kay Abraham, bakit Niya ito pinagagawa kay Abraham?

---

---

Ang inutos ng Diyos kay Abraham na ihandog ang kanyang pinakamamahal at kaisa-isang anak na si Isaac ay isang pagsubok na kinaharap ni Abraham. Sinubok ng Diyos ang kanyang kahandaang sumunod at kahandaang isakripisyo (give-up) ang mahalagang nilalang na ipinagkaloob ng Diyos sa kanya. Makikita natin dito na si Abraham ay handa pa rin sumunod sa Diyos. Tularan natin si Abraham, na kayang isakripisyo o bitiwang anumang mga bagay na mahalaga sa atin upang sumunod sa inuutos o sinasabi ng salita ng Diyos.



C. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga tanong.

Sabado ng gabi, maagang naghapunan at mabilis na nagligpit ng pinagkainan ang pamilya Santos. Lagi silang maaga magpahinga tuwing Sabado upang magising ng maaga ng Linggo. Ang araw ng Linggo ay napakahalaga sa mag-anak sapagkat sila ay sama-samang nagpupunta sa church.

Si Marco ay hindi mapakali nang gabing iyon sapagkat may laban kinabukasan si Pacquiao. Gusto niyang mapanuod ito ng "live" dahil paborito niyang boksingero ito at ayaw niyang mahuli sa kuwentuhan nilang magkakaibigan bukod dun ay ito rin ang tinataguriang fight of the century kaya naman inaabangan ng lahat ang laban na ito. Eksakto naman sa oras ng laban nito ang oras ng kanilang church service. Nag-iisip na si Marco kung ano ang idadahilan niya kinabukasan upang hindi siya makasama at maiwan na lamang sa bahay.

Mga tanong:

- Ano sa iyong palagay ang tamang gawin ni Marco?
- 
-

- Paano maaaring tularan ni Marco ang example na pinakita ni Abraham sa kuwentong binasa?

---

---

- Sanabi sa Mateo 22:37 na ibigin natin ang Panginoong Diyos nang buong puso, buong kaluluwa at buong pag-iisip. Paano mo maisasakatuparan ito kung ikaw ang nasa sitwasyon ni Marco.

---

---

---

Ang mga batang tulad natin ay dapat handang isakripisyo ang mga gusto nating gawin para unahin ang Diyos. Tulad ni Marco, mas mahalaga ang pumunta ng simbahan para makinig at mag-aral ng salita ng Diyos sa halip na magpaiwan sa bahay, magsinungaling at manuod lang ng laban. Malalaman kung sino o ano ang mas mahalaga kay Marco. Sino at ano ang mas mahalaga sa iyo, ang Diyos o ibang bagay?



D. Memory Verse

Magtiwala ng buong puso sa Panginoon at huwag kang manalig sa iyong sariling karunungan. **Kawikaan 3:5**